# PANGANGALAGA NG SUNNAH (BAHAGI 4 NG 4)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Pambungad sa koleksyon ng hadith, ang pangangalaga nito at paghahatid. Bahagi 4: Ikatlo at pangapat na yugto sa pagkalap ng hadith at pamamaraan ng pangangalaga nito.

**Kategorya:** Mga Aral › Si Propeta Muhammad › Hadith at Sunnah

**Ni:** Imam Kamil Mufti

**Nai-publish sa:** 29 Mar 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Kinakailangan

·Gabay para sa mga Baguhan sa Hadith at Sunnah.

Mga Layunin

·Kilalanin ang apat na mga yugto ng pagkalap ng *hadith*.

·Kilalanin ang tungkulin ni Umar bin Abdulaziz sa pangangalaga ng *Sunnah*.

·Kilalanin ang pagkumpleto ng koleksyon ng *hadith* sa ikatlong siglo at ang mga pangunahing gawain ng panahon.

·Alamin ang ibat-ibang paraan ng pangangalaga ng *hadith*.

Terminong Arabic

·*Sunnah*- ang salitang Sunnah ay maraming pagpapakahulugan depende sa sinasaklaw na usapin, subalit sa kabuuan tumutukoy ang salitang ito sa anumang naiulat na mga gawain, ginawa at pinahintulutang gawin ng Propeta.

·*Hijrah* - ang paglipat mula sa isang lugar patungo sa ibang lugar. Sa Islam, ang *Hijrah* ay tumutukoy sa mga Muslim na lumipat mula sa Mecca patungong Medina at siyang pagsisimula rin ng Islamikong kalendaryo.

·*Hadith* - (pangmaramihan – *ahadith)* ay isang piraso ng impormasyon o isang kuwento. Sa Islam ito ay isang tala ng salaysay ng mga kasabihan at mga gawain ni Propeta Muhammad at kanyang mga kasamahan.

# Ikatlong Yugto sa Koleksyon ng *Hadith*

Sa paglipas ng henerasyong direktang nakakita at nakarinig sa Propeta, ang pagsisikap sa pagkalap ng *hadith ay pumasok sa ikatlong yugto*. Dahil sa ang mga Kasamahan ay naglakbay ng malayo sa Islamikong mundo at ipinagkatiwala ang kaalaman ng *Sunnah* sa kanilang mga magaaral bago ang kanilang pagpanaw wala nang anumang ulat na

mahahanap mula sa ibang mga tao, at ang kabuuan ng naipong *hadith* ay pagaari na ngayon ng ibat-ibang mga guro na nagturo sa ibat-ibang mga lundayan. Subalit sa ikalawang yugto, ang *hadith* ay naisalin mula sa pansariling pagtataglay tungo sa pampublikong pagaari, kung kaya't ang kabuuan ng natipon na *hadith* ay matututunan sa ikatlong yugto sa pamamagitan ng mga institusyon sa halip na hanapin mula sa ibat-ibang mga idibidwal.

Si Umar ibn Abdulaziz, ang Khalifa ng Umayyad, na namuno ng halos bago matapos ang unang dekada ng *Hijrah*, siyang kauna-unahang tao na nagpalabas ng tiyak na kautusan na magreresulta sa pagkakaroon ng nakasulat na koleksyon ng *hadith*. Sa sulat ni Umar ibn Abdulaziz kay Abu Bakr ibn Hazm:

> “Hanapin ang anumang kasabihan mula sa Propeta, at isulat ito, sapagkat nababahala ako sa paglaho ng kaalaman at pagkawala ng mga maalam; at huwag tumanggap ng anuman maliban sa *hadith* ng Propeta; at nararapat na isiwalat ito sa publiko at pagusapan sa mga pangkat upang mabatid ng mga hindi nakakaalam, sapagkat hindi mawawala ang kaalaman hanggat hindi ito inililihim sa lahat.”[1]

Si Abu Bakr ibn Hazm ay ang gobernador ng Khalifa sa Madinah, at may mga katibayan ng mga katulad na liham para sa mga sentro. Bago ang kalagitnaan ng ikalawang dekada, ang liwanag ay tuluyan ng sumapit para sa nakasulat na mga koleksyon ng *hadith*. Daan-daang mga mag-aaral ng *hadith* ang nakibahagi sa pag-aaral nito sa iba't ibang mga sentro. Bawat iskolar ng *hadith* ay naglakbay sa paghahanap ng *hadith*. Si Khateeb al-Baghdadi, isang tanyag na klasikong iskolar, ay nakabuo ng sulatin, *Ar-Rihlah fi Talab al-Hadith*, or *Paglalakbay sa Paghahanap ng Hadith*. Ang Kapansin-pasin dito ay nagsasaysay ang sulatin tungkol sa mga iskolar na naglakbay sa paghahanap lamang para sa isang *hadith*! Sa ngayon ang pinaka mahalagang koleksyon ng panahon ay ang *Muwatta* ni Imam Malik na kamakailan lamang ay naisalin sa Ingles.

## Pang-apat na Yugto sa Koleksyon ng *Hadith*

Ang pagsisikap hinggil sa koleksyon ng *hadith* ay nakumpleto sa ikatlong siglo ng *Hijrah* . Ang maingat na pagsasama-sama ng mga aklat ng *hadith* mula sa panahong ito ay nakarating sa atin sa kabuuan nitong anyo. Doon nabuo ang tatlong uri ng mga koleksyon ng *hadith*: *Musnad*, *Jami*’, at *Sunan*. Ang *Musnad* ang pinakaunang uri at ang *Jami’* ang panghuli. Ang mga koleksyon ng *hadith* na kilala bilang mga *Musnad* ay nakaayos , hindi ayon sa paksa ng *hadith*, ngunit sa ilalim ng pangalan ng kasamahan na pinanggalingan ng huling kapamahalaan ng *hadith*. Ang pinaka mahalaga sa mga gawa ng ganitong uri ay ang *Musnad* ni Imam Ahmad Hanbal na naglalaman ng halos tatlumpong libong mga salaysay. Isinilang si Ahmad noong 164 A.H. at pumanaw noong 241 A.H. at isa sa mga pinakadakilang iskolar sa kasaysayan ng Islam. Ang kanyang koleksyon, gayunpaman, ay naglalaman ng ibat-ibang mga uri ng ulat. Ang *Jami*’ ay hindi lamang nagsaayos ng mga ulat ayon sa mga paksa, ngunit siya ring pinaka-kritikal. Anim na mga aklat sa pangkalahatan ang kilala sa pamagat na ito, bilang mga koleksyon ni Muhammad ibn Isma’il, na kilala sa tawag na Al-Bukhari (d. 256 A.H.), Muslim (d. 261 A.H.), Abu Dawud (d. 275 A.H.). Al-Tirmidhi (d. 279 A.H.), Ibn Maja (d.

283 A.H.) at Al-Nasa'i (d. 303 A. H.). Pinagbukod-bukod ng mga aklat na ito ang mga ulat ayon sa paksa, na siyang nagpadali sa pagsangguni sa *hadith* para sa mga iskolar ng Islam. Nakarating sa atin ang mga aklat na ito na isinulat ng mga orihinal na may akda. Ilan sa mga pangunahing gawa na ito ay naisalin sa Ingles.

## Pamamaraan sa Pngangalaga ng *Hadith*

Sa buong yugto ng pagkalap ng *hadith*, walong pamamaran ang ginamit sa pangangalaga ng *hadith*. Tanging ang una at ikalawa lamang ang tatalakayin ng pahapyaw sa ibaba:

(1) *Sama'*: Ito ay pagbabasa ng guro sa mga mag-aaral.

(2) '*Ard*: pagbasa ng mga mag-aaral sa mga guro.

(3) *Ijazah*: pagpapahintulot sa isang tao na ipadala ang *hadith* o aklat sa kapamahalaan ng iskolar na hindi nababasa ninuman.

(4) *Munawalah*: ibigay sa isang tao ang nakasulat na materyal upang ipadala.

(5) *Kitabah*: sumulat ng *hadith* para sa isang tao.

(6) *I'lam*: ipagbigay-alam sa iba na ang tagapagsalita ay may pahintulot na magdala ng ilang materyal.

(7) *Wasiyah*: ipagkatiwala sa isang tao ang kanyang mga aklat.

(8) *Wajadah*: mangalap ng naisulat na *hadith* na isinulat gaya ng kung paanong nadiskubre ng mga Kristiyano ang Dead Sea Scrolls, o humanap ng pinakalumang manuskrito ng Bagong Tipan mula sa mga monghe ng Mt. Sinai ni Tischendorf. Walang pagkakataon na kinilala ng mg iskolar na Muslim na mapapanaligan ang ganitong pamamaraan ng paghahatid.

Sa panahon ng mga Kasamahan tanging ang unang pamamaraan lamang ang ginamit. Kadalasang nananatili ang mga magaaral sa kanilang mga guro, pinaglingkuran sila, at natuto sa kanila. Di naglaon, ang una at ikalawa ang naging pinakakaraniwang pamamaraan. Dahil ang *wajadah* ay hindi kinilala ng mga iskolar, anumang pamamaraan maliban sa pitong nakalista sa itaas ay hindi tinangap.

Kabilang sa *Sama* ang pagbigkas, pagbabasa mula sa mga libro, mga tanong at mga kasagutan, at pagdidikta. Ang pagsasagawa ng pagbigkas ng *hadith* ng mga guro ay nagsimulang manghina mula sa ikalawang bahagi ng ikalawang siglo, bagamat nagpatuloy ito sa mahabang panahon. Naging malapit ang mga magaaral sa isang iskolar sa mahabang panahon, hanggang sa ituring sila ng kanilang guro bilang mga may awtoridad sa *hadith*. Kakaunting *hadith* lamang, mga apat o lima ang natalakay sa isang aralin. Mas ginagamit ang pagbabasa ng guro mula sa kanyang sariling libro. Ang

pagbabasa ng guro mula sa aklat ng kanyang magaaral ay ginawa rin. Ito ay upang masubukan ng guro kung naisaulo niya ng maayos ang kanyang *hadith*. Inilalakip nila ang *hadith* sa isang *hadith* na natutunan nila sa kanilang guro, at ibinibigay ang aklat sa kanilang guro upang basahin, upang makita kung gaano siya kahigpit sa kanyang pinanghahawakan. Ang mga nabigo na makilala ang mga karagdagang marteryal ay tinatanggihan at itinuturing na hindi mapagkakatiwalaan.

Ang '*Ard* ang pinaka karaniwang isinasagawa mula pa sa pagsisimula ng ikalawang siglo . Alinman sa ang mga kopya ay inihanda ng mga guro, o ginawa ng mga magaaral buhat sa orihinal. Minamarkahan nila nang pabilog tuwing pagkatapos ng bawat *hadith*. Sa sandaling mabasa ng estudyante ang *hadith* sa kanyang guro, minamarkahan nito ang binilugan na nagpapahiwatig na ang *hadith* ay nabasa sa guro. Kinakailangan ito sapagkat kahit na alam ng estudyante ang *hadith* mula sa mg aklat, hindi siya pinapahintulutan na ituro ito sa iba o idagdag sa kanyang mga tala hanggat hindi niya ito nakuha sa tamang pamamaraan. Kung hindi'y, matatawag siyang magnanakaw ng *hadith*, *sariq al-hadith*.

Ang regular na tala ay iningatan at pagkatapos na mabasa ang kumpletong aklat, isinusulat ng guro o isa sa mga bantog na iskolar na dumalo sa klase ang kanilang puna. Ibinibigay din nito ang mga detalye ng mga dumalo, yaong mga bahagya lamang nakisali, anong bahagi ang kanilang binasa, at anong bahagi ang nakaligtaan, kasama na ang mga panahon at lugar. Ang aklat na ito ay kadalasang nilalagdaan ng guro o ng kilalang dumalong iskolar, upang ipahiwatig na walang anumang mga karagdagan pa ang ilalagay sa aklat.

## Pagwawakas

Bilang resulta ng pambihirang pagsisikap ng mga unang Muslim ang *Sunnah* at *hadith* ng Propeta ay napanatili para sa atin ng tama at mapagkakatiwalaan. Dahil ang Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang habag at pagpapala ng Allah, ay ang huling propetang ipinadala ng Allah sa sangkatauhan, makatwiran lamang na ang kanyang katuruan ay kumpletong mapangalagaan. Kung ang kanyang katuruan ay hindi napangalagaan, kinakailangan ng bagong propeta upang malaman ang relihiyon ng Allah at kung paano susundin ang Allah. Ang katuruan ni Propeta Muhammad ay napangalagaan hanggang sa Araw ng Paghuhukom at kung kaya't wala nang propeta pa ang lilitaw. Nasa sa atin na kung paano matuto at isabuhay ang Islam gaya nang kung paano ito itinuro ni Propeta Muhammad ng tama at ganap upang magkamit ng kaligtasan.

Komentaryo

---

Talababa:

[1] *Saheeh Al-Bukhari*

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/85/pangangalaga-ng-sunnah-bahagi-4-ng-4

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.